Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | | Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO: Nasa Lakad Opisyal

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

## *KAPASIYAHAN BLG. 116-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PANSAMANTALANG PAGSASARA NG DAANG CAILLES MULA SA PANULUKAN NG DAANG B. VALENZUELA HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG A. ALFONSO MULA SA IKA-30 NG MARSO HANGGANG IKA-10 NG ABRIL, 2002, GAYUNDIN ANG DAANG P. GUEVARA MULA SA PANULUKAN NG DAANG DE LEON PATUNGONG DAANG A. LUNA AT DAANG A. REGIDOR HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG B. VALENZUELA SA IKA-9 NG ABRIL, 2002 MULA SA IKA-1:00 HANGGANG IKA-5:00 NG HAPON KAUGNAY NG PAGDIRIWANG NG IKA-400 TAONG PAGKAKATATAG NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NG KESONG PUTI FESTIVAL.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at isinaalang-alang ang kaayusan ng daloy ng trapiko para sa mga isasagawang palatuntunan sa pagdiriwang ng ika-400 taong pagkakatatag ng bayang ito at ng Kesong Puti Festival;

*SAPAGKA'T,* nasasaad sa letra c, Seksyon 21 ng Batas Republika Blg. 7160 na ang alinmang pambansang lokal na daan, kalyehon, parke o kuwadrado ay maaaring pansamantalang ipasara sa pagdiriwang ng kapistahan, pampublikong pagtitipon, pagtatanghal pang-agrikultura, pang-industriya, na ang haba ng panahon ng mga ito ay tutukuyin at titiyakin ng kinauukulang lokal na punong tagapagpaganap sa isang nakasulat na kautusan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang sumusunod na.

## *KAUTUSANG BAYAN BLG. 05-T'2002*

*KAUTUSANG PANSAMANTALANG ISINASARA ANG DAANG CAILLES MULA SA PANULUKAN NG DAANG B. VALENZUELA HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG A. ALFONSO MULA SA IKA-30 NG MARSO HANGGANG IKA-10 NG ABRIL, 2002, GAYUNDIN ANG DAANG P. GUEVARA MULA SA PANULUKAN NG DAANG DE LEON PATUNGONG DAANG A. LUNA AT DAANG A. REGIDOR HANGGANG SA PANULUKAN NG DAANG B. VALENZUELA SA IKA-9 NG ABRIL, 2002 MULA SA IKA-1:00 HANGGANG IKA-5:00 NG HAPON KAUGNAY NG PAGDIRIWANG NG IKA-400 TAONG PAGKAKATATAG NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NG KESONG PUTI FESTIVAL.*

*IPINAG-UUTOS* ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

*SEKSYON 1* – Pansamantalang isara ang Daang Cailles mula sa panulukan ng Daang B. Valenzuela hanggang sa panulukan ng Daang A. Alfonso mula sa ika-30 ng Marso hanggang ika-10 ng Abril, 2002, *gayundin ang Daang P. Guevara* mula sa panulukan ng Daang de Leon patungong Daang A. Luna at Daang Regidor hanggang sa panulukan ng Daang B. Valenzuela sa ika-9 ng Abril, 2002 mula sa ika-1:00 hanggang ika-5:00 ng hapon kaugnay ng pagdiriwang ng bayan ng Santa Cruz, Laguna at ng Kesong Puti Festival.

*SEKSYON 2* - Ang anumang bahagi ng kautusang bayan na sumisinsay sa kautusang ito ay pinawawalang-bisa.

*SEKSYON 3* - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Manananggol at Kagawaran ng Pulisya, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

MARIA LUISA F. JOLO
*Gumanap na Kalihim ng Sangguniang Bayan*

KGG. LOUIE C. DE LEON
Kagawad

KGG. BERNARDO E. ISON
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. EDGARDO T. PORCA
Kagawad

KGG. RICARDO B. RAMIREZ
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO G. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan